

Aalisin ng Alberta ang natitirang mga pangkalusugang paghihigpit

Hunyo 13, 2022

Gagawa ang Alberta ng pangwakas na hakbang sa plano nitong pagaanin ang mga hakbang sa kalusugan ng publiko habang nalalampasan ng probinsya ang Omicron BA.2 wave at patuloy na bumababa ang mga pag-papaospital sa COVID-19.

Bumababa ang rate sa mga bagong pag-papaospital mula noong kataasan sa Abril 26, kung kailan mayroong 20.7 pagpasok na bagong COVID-19 kada araw bawat isang milyong populasyon. Noong Hunyo 9, ang lingguhang average ng mga bagong rate ng pagpapaospital ay 6.6 bawat araw sa bawat milyong populasyon.

Ang pagiging positibo ng PCR test at pagsubaybay sa wastewater ay nagpapakita rin ng patuloy na kalakaran sa pagbaba ng pagkalat ng COVID-19.

Epektibo sa Hunyo 14 sa 11:59 p.m., lilipat ang Alberta sa Hakbang 3, na kinabibilangan ng pag-aalis ng sapilitang pagsuot ng mask sa pampublikong sasakyan at pagwawakas sa sapilitang paghihiwalay ng sarili, na karaniwan sa British Columbia, Saskatchewan at Manitoba. Mananatiling inirerekomenda ang paghihiwalay sa sarili para sa mga may sintomas o positibong pagsusuri sa COVID-19.

Isinasagawa ang trabaho upang maghanda para sa taglagas at taglamig na panahon ng respiratory virus. Kabilang dito ang pagpapanatili ng mga programa sa pagsubaybay at pagsubok at paghahanda upang palawakin ang kapasidad na makayanan ang matinding pag-akyat ng pangangalaga

Hakbang 3 – mananatiling may bisa ang mga hakbang hanggang Hunyo 14 sa 11:59 p.m. Simula 12 a.m. sa Hunyo 15:

- Ang ipinag-uutos na paghihiwalay ng sarili ay magiging rekomendasyon lamang.
- Ang ipinag-uutos na pag-mask sa pampublikong sasakyan ay tinanggal.

Ang pag-mask at anumang iba pang mga hakbang upang protektahan ang mga pasyente sa Alberta Health Services (AHS) at mga kinontratang pasilidad ng kalusugan ay mananatiling nakalaan sa pamamagitan ng patakaran ng AHS ayon sa kinakailangan para sa pag-iwas at pagkontrol sa impeksyon.

Ang mga order ng CMOH sa patuloy na pangangalaga ay aalisin sa Hunyo 30 ngunit ang ilang mga hakbang sa mga lugar ng patuloy na pangangalaga ay mananatili sa lugar sa pamamagitan ng mga pamantayan at

patakaran. Kabilang dito ang pagpapanatili sa mga kagawian tulad ng paghihiwalay ng mga may sintomas na residente, mga protocol ng outbreak at pag-mask.

Mga bakuna laban sa covid-19

Ang mga bakuna ay mahalaga para sa kakayahan ng Alberta na mamuhay kasama ang COVID-19. Ang mga Albertan ay hinihikayat na tumanggap ng lahat ng mga dosis kung saan sila ay karapat-dapat.

Madaling makakuha ng bakuna sa buong probinsya sa walk-in basis. Makakakuha din ng appointment sa pamamagitan ng Alberta Vaccine Booking System o sa pamamagitan ng pagtawag sa 811 o isang kalahok na botika.

Mga mabilisang pagsubok

Ang Alberta ay patuloy na nagbibigay ng mabilis na pagsusuri nang walang bayad. Upang makahanap ng lokasyon, bisitahin ang alberta.ca/CovidRapidTests. Ang Alberta Health Care card ay hindi kailangan para kumuha ng rapid test kit.

Mga katanungan sa media

Steve Buick

780-288-1735

Senior Press Secretary, Ministry of Health

The logo for Alberta's Recovery Plan features the text "ALBERTA'S RECOVERY PLAN" in white, bold, uppercase letters. The text is enclosed within a white rectangular border that has a yellow corner element on the top right. The entire logo is set against a dark blue background.

**ALBERTA'S
RECOVERY
PLAN**

Alberta's Recovery Plan is a plan to breathe new life into Alberta's economy and create new opportunities for every Albertan. It's a plan to build, to diversify, and to create jobs.